

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.43

Marso 1-7, 2021

P10.00



**ACE**  
**3.3**  
**Sale**

MAR 3 • 1 DAY ONLY

**30% OFF**  
ON SELECTED ITEMS

**P300 OFF**  
FOR A MIN. PURCHASE OF P3,000\*

Per DTI FAIR TRADE Permit No. 114161 FTEB-, Series of 2021  
\*CHEMICALS & BATTERIES NOT INCLUDED

### 3.3 Sale at Ace Hardware SM City Trece Martires

Visit ACE HARDWARE SM City Trece Martires for 3.3 Sale on March 3 and Get 30% off on specials. PLUS get P300 off on purchases of P3,000 & up. T&Cs apply. See you @ ACE Hardware Trece Martires. DTI#114161



PHLPost photo of authorities presenting the confiscated parcel containing the alleged ecstasy or "party drugs" at the Manila Central Post Office Parcel Division. (story on p.4)

# CAVITE PHO

# CONDUCTS COVID-19

pahina2

# VACCINATION SIMULATION

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

## CAVITE PHO CONDUCTS COVID-19 VACCINATION SIMULATION

In preparation for the COVID-19 vaccination, Cavite Provincial Health Office (PHO) conducted a vaccination simulation to assess its preparation and readiness for the actual activity. The mock exercise was held on February 18, 2021 at the Women's Health and Wellness Center, General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAHM) Compound in Trece Martires City which was one of the five identified COVID-19 vaccination sites of the province for its frontline health workers.

Dr. Nonie John Dalisay, Officer-in-Charge of the PHO supervised the entire exercise together with Dr. Romula Lua, chief of hospitals, with the assistance of other officers of the department. Doctors, nurses and medical professionals from GEAMH participated in the simulation exercise.

Possible real-life scenarios were reenacted during the simulation ranging from lack of documentary requirements like identification card, cases of co-morbidities among vaccinees, and minor adverse reaction during post-vaccination monitoring.

Observers were also present during the simulation to document the entire process and the activities taking place at the different stages of the process. Starting from the waiting area, candidates for vaccination will be called to the Registration area to check all the necessary requirements. They will then proceed to the Pre-vaccination, Counselling and Final Consent area where they will be provided with the necessary information regarding COVID-19 and the vaccination which is crucial in giving the final consent.

The next step is done at the Screening area manned by resident doctors of GEAMH who evaluate if patients are qualified for vaccination or

not. A coding system was applied during the screening using the colors green for go, yellow for vaccinees that may require further attention giving medical staff a heads up to stay on guard and red for candidates that did not qualify for vaccination due to certain medical conditions.

Qualified patients will then proceed to the next stage which is the actual vaccine administration at the vaccination area. After which, vaccinees will stay at the Post-vaccination, monitoring, surveillance and reporting area where they will be observed for any reaction that may warrant medical attention.

A team from the Department of Health headed by Dr. Monica Jennifer Victorino were among the observers together with representatives from General Trias Doctors Medical Center, Gentry Medical Center and Hospital Inc., Tanza Specialist Medical Center, Cavite-PNP, ARESKOM and members of the Emergency Operations Center Response Clusters of the Provincial Government of Cavite headed by Provincial Administrator Alvin S. Mojica.

After the mock vaccination, a post-simulation assessment was held where the core officers of the PHO together with the team from DOH discussed what transpired during the activity, the observations and the necessary adjustments that can be made to further improve the conduct of the vaccination taking into consideration other possibilities that may occur in the actual program.--- **PICAD**

## BOTIKA ON WHEELS IN BACoor

Cavite provincial government's team in charge of the distribution of medical supplies for the residents of the province visited Barangay San Nicolas 3 in the City of Bacoor on February 19, 2021 to deliver prescribed medicines for se-

## DA-BFAR 4A namahagi ng cash & food subsidy sa Rizal; fiberglass boats sa Batangas

**LUNGSOD NG CALAMBA (PIA)** --Namahagi ang Department of Agriculture - Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (DA-BFAR) 4A ng ayuda sa mga mangingisda sa lalawigan ng Rizal habang 10 units naman ng fiberglass boats na may kasamang aksesorya ang ipinagkaloob sa mga mangingisda sa lalawigan ng Batangas. Sa ilalim ng Cash and Food Subsidy for Marginal Farmers and Fishers (CFSMFF) Program, may 175 benepisaryong mangingisda mula sa mga bayan ng Pililla, Jalajala, Binangonan, Taytay, Antipolo, Angono, Cardona, at Morong ang tumanggap ng ayuda noong Feb. 17, 2021.

Ang ayuda ay kinabibilangan ng mga sumusunod: cash voucher na naglalaman ng P3,000; P2,000 worth of goods; 25 kilong bigas; tatlong (3) manok; at dalawang (2) tray ng itlog.

Ayon sa DA-BFAR 4A, ang pamamigay ng ayuda ay bahagi ng kanilang hakbang na patuloy na pagsusulong ng mga programa na naglalayong buhayin muli ang ekonomiya ng bansa at matulungang makabangon ang sektor ng pangisdaan sa kinahaharap na pandemya at mga kalamidad, Ang pamimigay ng Cash and Food Subsidy ay naging matagumpay sa pagtutulungan ng Provincial Fisheries Office-Rizal at mga pamahalaang lokal ng Rizal.

Samantala, sa patuloy na pagsusulong ng programang Bangka Mo, Gawa Mo: F/B Pagbabago Livelihood sa kabila ng kinakaharap na pandemya ng ating bansa, DA-BFAR 4A ay nagkaloob ng 10 units ng 25-footer fiberglass boats at mga aksesoryang pang-bangka sa mga mangingisda ng Brgy. San Andres at Brgy. Sto. Domingo, Bauan, Batangas noong ika-18 ng Pebrero 2021.

nior citizens and children. One thousand one hundred forty-six (1,146) senior citizens were able to avail vitamins and maintenance medicines, while two hundred (200) children received vitamins.

Layunin ng F/B Pagbabago na mai-angat ang kalagayang pang-ekonomiya ng maliit na hanay ng Pilipinong mangingisda sa paraan ng paggabay sa kanila upang makabuo ng sarili nilang bangka na pangunahing ginagamit sa kanilang mangingisda. Pinangunahan nina Batangas Congressman, Hon. Raneo E. Abu, kanyang anak na si Dr. Reina D. Abu at BFAR 4A Regional Director, Sammy A. Malvas kaagapay sina Provincial Fisheries Office-Batangas, OIC, Krystine O. Escosura at F/B Pagbabago Rep. John Vincent B. De Mesa ang matagumpay na pamamahagi ng fiberglass boats. **(CPG, PIA-4A at ulat mula sa DA-BFAR 4A)**

## IEC campaign para sa COVID-19 vaccine inilunsad ng LGU Infanta

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** --Inilunsad kamakailan ng pamahalaang lokal ng Infanta ang malawakang vaccination information, education and communication (IEC) campaign bilang bahagi pa rin ng kampanya ng pamahalaang lokal ng Infanta kontra COVID-19.

Naunang inimitahan sa information drive ang mga miyembro ng persons with disabilities (PWDs) upang mabigyan impormasyon ng mga staff mula sa Mayor's Office Information Section kaugnay ng kahalagahan ng bakuna, mga posibleng maging epekto nito, maging ang mga indibidwal na kabilang sa mga prayoridad na mabigyan ng bakuna.

Tinalakay din ang mga hakbang na kailangang isagawa ng pamahalaang lokal sa implementasyon ng vaccination plan ng bayan.

Ang IEC drive ay alinsunod sa direktiba mula sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) at National Task Force Against COVID-19 at sa Atas Tagapagpaganap Big. 06 S. 2021 ng pama-

halaang lokal ng Infanta sa pagkakaroon ng mga IEC drive upang magbigay ng mga impormasyon kaugnay ng pagkakaroon ng bakuna sa COVID-19. Nauna rito, sa atas ni Infanta Mayor Filipina Grace R. America, pinangunahan ni Dr. Abelardo Jose, Municipal Health Officer/Chairperson ng Local Deployment and Vaccination Plan Technical Working Group, ang information campaign and planning workshop upang mabuo ang Vaccination Plan ng bayan.

Bukod sa pagbibigay ng mga karagdagang impormasyon patungkol sa bakuna, binuo rin ang inisyal na plano ng pamahalaang lokal kaugnay sa mga aktibidad na kinakailangang isagawa upang maging handa sa pre-implementation, vaccine administration at post-implementation phases ng vaccination program. Tinalakay din dito ang mga areas for collaboration ng lokal na pamahalaan at ng pribadong sektor upang mapunuan ang mga gaps at masigurong magiging maayos at ligtas ang implementasyon nito. Sa mga susunod na araw ay isasagawa narin ang iba pang awareness raising activities upang matiyak na makarating sa lahat ng kabahayan ang mga tamang impormasyon patungkol sa kahalagahan ng pagpapabakuna maging sa proseso na itatalaga para sa mga prayoridad na mabigyan nito. **(CPG, PIA-4A at ulat mula sa Municipality of Infanta FB Page)**

## PHIVOLCS launches 100th Strong Motion Station in Tanay, Rizal

**TANAY, Rizal (PIA)**-- The Municipality of Tanay is now home to the Department of Science and Technology - Philippine Institute of Volcanology and Seismology's (DOST-PHIVOLCS) 100th Strong Motion Site nationwide.

Government agencies, media and stakeholders took part in an online and onsite inauguration held via Zoom and at the Tanay Municipal Hall respectively.

The program includes a virtual tour showcasing the facility's equipment as well as a keynote message from DOST-PHIVOLCS OIC Undersecretary Renato Solidum Jr.

Usec. Solidum states that there are different networks for locating earthquakes and determining their magnitudes. The strong motion network in particular monitors earthquakes using strong motion accelerographs.

"For Tanay, this will help you characterize the materials underground," Usec. Solidum remarks.

Solidum adds that the station will enable the LGU and stakeholders to design the right types of buildings in order to help build earthquake resistant structures and against other effects such as landslides and liquefaction.

The collected data will then be utilized by DOST for recording, research and monitoring and will also be used to update the Philippine Structural Code.

Onsite at the Tanay Municipal Hall, Tanay Municipal Mayor Rex Manuel Tanjuatco, Vice Mayor Rafael Tanjuatco and DOST PHIVOLCS Supervising Science and Research Specialist Dr. Rhommel Grutas lead the inauguration and a hybrid online and onsite press conference with media followed by a ribbon-cutting ceremony.

Dr. Grutas adds that of now, the Tanay station is operational and can reach up to 300 to 500 kilometers away from the station. He adds that PHIVOLCS plans to open stations in Baler in Aurora, Malolos in Bulacan and two in Davao this year. "We are targeting 1,000 (Strong Motion Sites), but right now we are at 100," according to Dr. Grutas.

Initially, the Philippine Strong Motion Network or PSMnet started with only 4 stations in 1992 until the gradual addition of stations until the 100th in Tanay this February 23, 2021.

"Our goal is to characterize all of the soil in the Philippines," Usec. Solidum adds.

Usec. Solidum says that densely populated or urbanized areas are prioritized due to the large number of structure being built.

Mayor Tanjuatco then thanked DOST-PHIVOLCS for the partnership with the local government since aside from the Municipality of Tanay, other nearby towns will also benefit from the station since Tanay serves as the center of most of the towns within Rizal Province's Second District.

He adds that Tanay is one of the fastest growing towns in the Province of Rizal and with the partnership with DOST-PHIVOLCS, the LGU can plan for zoning, infrastructure and disasters especially since Tanay has areas located at the lake-side as well as plains and mountainous areas.

"Barangays can also use this data for low lying areas to identify which are more susceptible to earthquakes," Mayor Tanjuatco adds.

"We are open to any research to help the Province of Rizal as well as the locals of Tanay," Tanjuatco concludes. **(PIA-Rizal)**

## 28 SABUNGERO, INARESTO

**BINITBIT ng Cavite police ang dalawampu't walong sabungero at halagang mahigit na P16K na pusta ang nasamsam nang magsagawa ng anti-gambling operation sa magkakahiwalay na lugar sa lalawigan.**

Sa Boston Heights Sub-division sa Brgy Toolong, Kawit, ay walong sabungero ang inaresto dakong alas-11:50 ng umaga at narekober ang 2 tari, 2 patay na sasabuning manok at P3,300 na pusta.

Dalawang katao naman ang naaresto matapos nagpulasan ang iba pang sabungero nang magsagawa ng illegal gambling operation sa Brgy Queensrow East, Bacoor City dakong alas:10:30 ng umaga at narekober ang P300 na pusta, 2 tari at dalawang sasabuning manok.

Isang sabungero ang tanging nabiti-bit sa isinagawang sabong sa Mambog 5, Bacoor City dakong ala-1:00

ng hapon at narekober ang P1,300 cash na taya, 2 tari at dalawang panabong.

Sa Trece Martires City, pitong katao ang nakorner, bagama't mas marami ang nagpulasan sa isinagawang tupada dakong alas-3:30 ng hapon sa Brgy Conchu, at nasamsam ang P6,200 na taya, at tari ng panabong.

Sa Imus City, limang kalalakhian na mahilig sa sabong ang inaresto ng pulisya dakong alas-3:10 ng hapon sa Brgy Alapan 2, at narekober ang halagang P3,500 cash, tari at panabong.

Umabot naman sa halagang P2,932 na pusta ang nasamsam sa isang tupada sa Sitio Taktak, Brgy Kaypaaba, Gen Emilio Aguinaldo at nagresulta sa pagkakaaresto ng limang katao at pagkarekober ng dalawang tari at dalawang panabong. **GENE**

**ADSUARA**

## DA-CALABARZON namahagi ng semilya ng kalabaw at baka, insecticides sa Quezon

**LUNGSOD NG CALAMBA (PIA)** --Namahagi ng semilya ng baka, kalabaw, at insecticides ang Kagawaran ng Pagsasaka sa CALABARZON sa mga bayan ng Mulanay, Tayabas, Lucena City, Infanta, Candelaria, Macalelon, Tiaong, at San Antonio.

Sa pamamagitan ni Fidel L. Libao, Regional Artificial Insemination (AI) Coordinator at Batangas Agricultural Program Coordinating Officer, may 50 cuplets ng semilya ng baka at 50 cuplets ng semilya ng kalabaw ang ipinagkalob sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultur ng Mulanay, Quezon noong ika-17 ng Pebrero, 2021.

Ang AI, o di-likas na pagpapalahi ng mga alagang hayop gaya ng baka, kalabaw, baboy, at kambing, ay isa sa mga proyekto na pinaigting ng Kagawaran at naglalayong mapataas ang antas at kalidad ng pagpapalahi at paghahayupan sa CALABARZON.

Bukod dito, layunin din ng nasabing proyekto na palakasin ang mga alagang hayop laban sa mga sakit at mapababa ang gastos ng mga magsasaka sa pagpapalahi.

Maliban sa semilya, nagbigay din ang Kagawaran ng tigapat na bote ng dewormer, anti-biotics, at wound spray; isang kahon ng long glove; at 50 piraso ng AI straw. Pinuno rin ng Kagawaran ang liquid nitrogen tank ng mga taga-Mulanay.

Labis ang pasasalamat ni Gracielle Revilla, Pam-

bayang Agrikultur sa handog na ito ng Kagawaran.

"Malaking tulong po ang mga ito sa pag-upgrade ng lahi ng aming mga baka at kalabaw; at pag-iwas sa pagkabalat ng mga sakit. Kasabay po nito ay mapapataas din ang market value ng aming mga alaga at makakatipid kami sa gastusin," pahayag ni Bb. Revilla.

Ang mga semilyang ito ay naipamigay sa pakikipagtulungan sa Bureau of Animal Industry at sa Philippine Carabao Center-Los Baños.

Maliban dito, namahagi din ang Kagawaran ng Pagsasaka sa CALABARZON, sa ilalim ng Corn Program nito, ng 490 bote ng Prevathon insecticides na nagkakahalaga ng P529,200 sa iba't ibang corn farmers' association (FAs) at mga local government unit (LGUs) sa lalawigan ng Quezon noong ika-18 ng Pebrero, 2021.

Layunin ng pamamahaging ito na makaiwas at masugpo ang pagsalakay ng Fall Armyworm o isang pesteng insekto na kumakain ng mahigit sa 80 uri ng halaman kabilang na ang mais. Sa tulong ng mga pestisidyang ito ay makakaiwas sa pagkalugi ang mga magmamais.

Ang ilan sa mga nakatanggap ng tulong na ito ay ang Tayabas FA (100 bote), Lucena City FA (50 bote), Infanta FA (50 bote), Candelaria FA (100 bote), Macalelon FA (20 bote), LGU-Tiaong (70 bote), at LGU-San Antonio (100 bote). **(CPG, PIA-4A at ulat mula sa DA-CALABARZON-RAFIS)**

# USAP LANG

JUNE BILLONES

0929-8127638

## Sinong magpapatino sa mga 'astig' na rider?

**KALIWA'T** kanan ang pagsasagawa ng kapulisan ng kanilang oplan sita o checkpoint.

Hindi lamang sa Kalakhang Maynila kundi maging sa mga lalawigan.

Hindi maikakaila dahil makikita naman sa facebook o social media ang post ng pulisya.

Pansin ko lang na nitong mga nakaraan ay tila masigasig ang ating mga pulis sa pagsasagawa nito.

Okey naman ito at kahit paano ay nakakatulong subalit puna lang ng nakararami ay bakit palaging ang mga nakamotor-siklo ang puntirya.

Abala kung tutuusin ang pahintuin sa checkpoint o oplan sita.

Mayroon kasing mula sa kalapit na lalawigan ay nakakailang hinto sa oplan sita o checkpoint bago makatuntong sa destinasyon sa Metro Manila.

Ganoon talaga eh, kailangang sumunod basta ang mahalaga ay kumpleto ka sa lahat ng dokumento.

Nakakairita lamang sa ilang pulis na nagsasagawa ng oplan sita o checkpoint ay medyo bastos o arogante.

Pero mayroon din naman na maayos o magagalang ang nakatalagang pulis.

Ang mga dapat ipaliwanag o sagutin ng mga opisyal ng pulisya ay paano kung walang signage ang isinasagawang checkpoint o oplan sita ng kanilang mga tauhan?

Okey lang po ba na magsagawa ng oplan sita o checkpoint na walang signage?

Mayroon kasing basta nakahambalang o nakahilera lamang ang mga unipormadong pulis sa pagsasagawa nito.

May pagkakataong wala kahit police mobile car sa halip ay mga motor lamang ng mga pulis ang makikita.

Isa pa, dapat ay may dalang paniket ang mga pulis para sa masisita nila na mayroong violation.

Balik tayo sa puna na palaging motor ang paboritong siluhin ng kapulisan.

In fairness naman sa pulisya ay nagsasagawa rin ng operasyon laban sa mga sasakyan.

Lyon nga lamang basta checkpoint o oplan sita ay asahan na mga nakamotor ang pinapapara.

Kaya naman ang mga kriminal na de-sasakyan ay patawa-tawa lamang habang nadadaan ang mga oplan sita o checkpoint.

Throwback lang tayo ng bahagya, noong kasagsagan ng quarantine ay bawal ang pag-aangkas sa motor at lalong bawal ang hindi otorisadong gumamit o magmaneho ng motorsiklo.

Kalaunan ay pinayagan na rin basta may gamit na barrier pero hindi nagtagal ay kahit wala nito ay okey na ang mag-angkas.

Pero kung matatandaan ninyo ay mahigpit ang alituntunin sa pagpapangkas.

Kung naipatupad lamang sana ang paghihigpit na ito ay maaaring sa kasalukuyan ay tinataglay ng lahat ng nagmomotor.

Ang pinupunto natin ay sumaksak o nailagay sana sa kaisipan ng lahat ng rider ang istriktong batas o alituntunin.

Hindi masasabing takot bagkus ay pagsunod bilang pagrespeto sa batas at sa nagpapatupad nito.

Pero masdan ninyo sa mga lansangan, napakaraming 'astig' na nagmomotor kahit maging ang sakay o angkas lamang.

Kaya naman nadadamay sa perwisyo ang mga disiplinadong rider.

Kailan kaya magagawa ng kapulisan o ng sino mang mga kinauukulan na wala tayong makikitang nagmamaneho ng motor na hindi nakasuot ng helmet maging ang angkas o sakay nila?

Mukhang malabo kasi may ilang pulis na nagmomotor na walang gamit na helmet.

Maging ilang traffic enforcer, LTO personnel, tauhan ng barangay, kawani ng gobyerno at marami pang iba.

Sino kaya ang makapagpatino sa mga 'astig' na rider?

# EDITORIAL

## 'Di sapilitan

**PINAGDEDEBATEHAN** para sa masusing pag-aaral ang posibleng implementasyon ng limited face-to-face classes.

May nakalatag na mga kondisyon hinggil dito ang Department of Education.

Ito ay para lamang sa mga piling lugar sa bansa na ikinokonsiderang zero o low risk ang COVID-19.

May nakatakdang implementasyon para sa dry run ng in-person classes subalit dumating ang bagong variant ng COVID-19 na natuklasan sa United Kingdom.

Ang dry run ay hindi puwersahan batay sa binitiwang pahayag mula sa kagawaran.

Ibig sabihin ay hindi pipilitin ang bawat magulang kung ayaw ng mga itong pahintulutan ang kanilang anak o mga anak sa paglahok sa dry run.

Malinaw na hindi sapilitan kaya lang paano na kung lahat ng magulang ay hindi papayagan ang mga anak nila?

## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



**ROMEO S. SANTOS**

*Publisher/editor-in-chief*

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com

haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



## PHLPost beefs up security to prevent entry of party drugs in PH

**PASIG CITY (PIA) -- The Philippine Postal Corporation (PHLPost) will implement more stringent security measures following the seizure of about P4.9 million worth of party drugs at the Manila Central Post Office.**

According to PHLPost, authorities apprehended a person while in the act of claiming a parcel containing the alleged ecstasy or "party drugs" at the Manila Central Post Office Parcel Division. Around 2,878 tablets were found hidden along with clothes, shoes and other personal items, PHLPost added.

"We remain vigilant in our effort to thwart illegal drugs on mails and at the same time prevent the Posts as a medium of transshipment of illegal drugs in the country through our Inspectorate Service Department," PHLPost told the PIA-NCR in a statement. Preventive measures have been undertaken by PHLPost to stop the entry of ecstasy tablets and illegal drugs at the entry point where parcels and other mails are processed for delivery.

PHLPost added that it has

been doing its part in the government's effort to specifically stop illegal drugs and other prohibited materials from entering the country through the mail.

"Security measures are being done by the PHLPost Inspectorate Department in coordination with the Bureau of Customs and Philippine Drug Enforcement Agency to help detect the entry of illegal drugs allowing the agency's drug sniffing dogs to check suspicious items for delivery to addressees or consignees."

PHLPost is currently using specialized equipment installed at the Central Mail Exchange Center (CMEC) in Pasay City which is capable of detecting contraband in the country.

The postal corporation added that it strengthened its measures to include tracking, advanced data collection and close coordination with other country's postal administrations, security assistance from drug and law enforcement units, and other risk management procedures that would mitigate the threat of using postal service in illegal activities. **(PIA NCR)**

## Buhay sa Gulay Harvest Fest in Bagong Silangan QC yields 700 kilos of veggies

**CALOOCAN CITY (PIA)**

-- Quezon City's Luntiang Paraiso urban vegetable farm in Bagong Silangan has produced some 700 kilos of various vegetable in its very first harvest festival held recently.

The Luntiang Paraiso urban farm at New Greenland, Barangay Bagong Silangan is the city's first urban vegetable farm under the "Buhay sa Gulay" initiative of the Department of Agrarian Reform (DAR) and Department of Agriculture (DA).

"After 41 days, we are very grateful that the New Greenland farm is finally having its first harvest. It is worth celebrating because it was made possible through the collective effort of the government and the farmers of Bagong Silangan," Mayor Joy Belmonte, who is also the chairperson of the QC Food Security Task Force, said.

Aside from DAR and DA, this project is also in partnership with the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Bread Society International, and the local barangay.

A one-hectare pilot site within the eleven-hectare New Greenland farm was planted with green-leafy vegetables including pechay, mustasa, kangkong, and spinach.

Initially with 70 farmers, the farm has now over 100 farmers jointly growing crops in the area.

According to Mayor Belmonte, through the harvest festival, the city government can introduce the farmers to possible markets for their succeeding harvests.

"The city will be their first market as their produce will be used in our mobile and community kitchen that will feed the most food vulnerable sectors in our city. The QC Female Dormitory, through Warden JSupt Maria Lourdes Pacion, has expressed support to buy veggies from them," Mayor Belmonte added.

Aside from the pick and pay harvest itself, the celebration will have a booth competition, cooking festival, and farmers' products tiangge.

According to QC Food Security Task Force Co-chairperson and Sustainable Development Affairs head Emmanuel Hugh F. Velasco, the Buhay sa Gulay initiative is aligned with the city's food security program, "Grow QC: Kasama ka sa Pag-unlad sa Pagkain, Kabuhayan, at Kalusugan program" which promotes urban agriculture, livelihood and health toward food security.

Grow QC further encourages the establishment of a circular economy where success and development is eyed for the benefit of the farmers, businesses, government, and the whole community.

After the harvest festival, the city will continuously support the farmers by providing them with inputs and training in using different agri-technology and pest management.

"We will continue our support to them. They are also being trained to become a cooperative so that it will be easier for the city to link them to regular markets," Velasco explained.

Aside from these, the city with the help of DAR and DA is working on putting up a modern irrigation system in the farm and other infrastructure projects that will further boost their productivity and income.

"There are other lot owners who are showing interest to develop their lands into urban farms. New Greenland has become a model, and we want to continue the partnership with our

## Mayor Isko lauds PESO-Manila for helping residents find jobs amid pandemic

**CALOOCAN CITY (PIA)**

-- Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso has lauded the city government's Public Employment Service Office (PESO-Manila) for its continuing efforts in helping people find jobs amid the COVID-19 pandemic.

According to PESO-Manila's data from February 10, 2021, there are 595 individuals who were hired through Online Local Recruitment Activity, and a total of 1,239 individuals who received service from employment office.

Mayor Isko added that the local government should serve as the bridge between the employer and employee today.

"Maging tulay tayo ng tao na naghahanap ng trabaho at negosyante o employer na naghahanap ng empleyado," he said.

Meanwhile, PESO-Manila also developed a Facebook Page--#PESOSalamat--to

stakeholders so that we can replicate this in other potential urban farms," Velasco added.

Once the seven-hectare farm is fully utilized, it is expected to produce 765 metric tons (MT) of vegetables that includes 29.7 MT eggplants, 0.7 MT Sitao, 350 MT Pechay, 280 MT Mustasa, 25 MT Squash, 80 Okra, and 20 MT Ampalaya every year.

Buhay sa Gulay aims to further promote the importance of urban farming and empower urban dwellers to have an alternative source of income by producing and selling fresh and nutritious vegetables. **(PIA NCR)**

feature videos of thanks from individuals who are hired through PESO's online job applications.

In their recent posts, hired individuals from Ace Hardware and CNT thanked Manila Mayor Francisco 'Isko Moreno' Domagoso and PESO-Manila Director Fernan Bermejo for accommodating them and helping them find a job.

Also included in #PESOSalamat are the hired senior citizens and PWDs of the City under the Face Masks Sewing Livelihood Program. These individuals are "mananahi" or tailors and master cutters who were employed by the city to sew its washable face masks given for free for the Manileños.

Based on the data from National Statistics Office of the Philippines, the country's employment rate increased to 91.27% in the fourth quarter of 2020 from 90.4% in the third quarter of 2020. However, unemployment rate surged to 8.7% in December 2020 from 4.5% in the same quarter in 2019.

Because of this, Mayor Isko Moreno Domagoso ordered Director Bermejo to find and provide jobs for the Manileños amidst the pandemic.

"Naalala niyo sabi ko noong Setyembre kay Director Fernan [Bermejo], "Hanapan ng trabaho ang mga utaw", kasi ang pandemyang ito mararamdaman na natin ang epekto sa ekonomiya sa darating na mga buwan," Domagoso said. **(PIA NCR)**

## STATEMENT OF SENATOR RISA HONTIVEROS ON ERC'S ORDER TO REFUND EXCESS CHARGES TO MERALCO CONSUMERS

I welcome the Energy Regulatory Commission's (ERC) order to Manila Electric Company (Meralco) to refund more than P13.88 billion to its consumers. Indeed, when we go the extra mile for our consumers, ang Pilipino ang panalo. Simula pa lang ng pandemya ay nananawagan na ako sa ating power industry sector na tulungan ang ating mga konsyumer sa iba't-ibang paraan, tulad ng extension ng no disconnection policy at reasonable installment payment scheme.

That's why I also laud Meralco for taking the initiative para maisakatuparan ang binabanggit nilang refund na inayunan naman ng

ERC. Tulad nga ng kasabihan natin mga Pilipino, "kung gusto, maraming paraan. Pero kung ayaw, maraming dahilan." Patunay lamang ito na posible at pwede naman palang mapabilis pa ang pagpapababa sa presyo ng kuryente sa ating bansa.

Sa gayon, nananawagan akong silipin ang transmission charge ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) lalo na't kumita na ito nang higit pa sa ibinayad na concession fees, kasama ang pay out na ibinigay sa mga shareholder nito.

Pabilisin na rin sana ng ERC ang pagreview sa controversial 15% Weight-

ed Average Cost of Capital (WACC) of NGCP na halos doble sa global standard. Reduction of our transmission charge is on a national scale. Hindi lang sana consumers ng Meralco na nasa Greater Manila Area ang makikinabang, kundi, dapat all.

I also look forward to both Meralco and ERC working together with consumer groups to overhaul anomalous surcharges in our electricity bill which lead to our having the second highest power rate in Asia. Sa panahon ngayon, kailangan natin ng maraming uri ng bakuna sa ating ekonomiya tungo sa ganap na pagbangon. **PR**

### EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE LATE JUANITO R. MANGULABNAN

Notice is given that the estate of the late **JUANITO R. MANGULABNAN** was extrajudicially settled by his heirs; **JENALYN MANGULABNAN-ADLAO, JUANITO R. MANGULABNAN, JR., JOSELITO R. MANGULABNAN, and JAQUILINE R. MANGULABNAN;** on February 3, 2021 PER DOC. NO.192 PAGE NO.40 BOOK NO.111 SERIES of 2021 of NOTARY PUBLIC ADASA, HENRY OF CITY OF MANILA

Publication: HANEP: Feb. 15, 22 and March 1, 2021

## KASO NG DENGUE SA CARMONA, TUMAAS

**INANUNSUYO** ng pamahalaang lokal ng Carmona, Cavite ang paglobo sa kaso ng dengue sa kanilang bayan.

Batay sa huling datos na ipinalabas ng Municipal Health Office ay nasa 31 kaso na umano mula Enero hanggang Pebrero 22.

Nabatid na sa nasabing bilang, ang pinakamarami ay mula sa Barangay Milagrosa na may 21 cases.

Sinusulat ito, ayon sa FB post ng Municipal Government of Carmona ay nag-sagawa ang MHO ng pakikipagpulong sa lahat ng barangay sa bayan.

Ang fever at larval surveillance, pagpapatupad ng 4 o'clock habit o ang pagsira sa dengue breeding sites ang napag-usapang mga posibleng aksiyon.

Kabilang din sa napag-usapan ay ang information dissemination upang iwasan at labanan ang dengue.

Ikinonsidera rin sa tala-kayan ang fogging maging ang pamamahagi ng insect repellent lotion.

Muli ay ipinaaalala ni Mayor Roy Loyola sa mga residente ng bayan ang mga kaukulang pag-iingat at paglaban kontra dengue. **RS**

## Bagong central fire station sa Kawit, nakaumang

**MAGKAKAROON** na ng bagong central fire station ang Kawit, Cavite.

Kasunod ito sa naganap na paglagda sa isang Memorandum of Agreement na pinangunahan ni Kawit Mayor Angelo Emilio Aguinaldo.

Ito ay pagpapakita ng buong suporta ni Mayor Aguinaldo sa local Bureau of Fire Protection.

Batay sa FB page ng alkalde, kasama rin sa naturang MOA signing sina BFP IV-A Regional Director Jaime D. Ramirez, DSC; Municipal Fire Marshal Alma Cassan-

dra Gardose, at Municipal Administrator Engr. Rey Santos.

Ang nabanggit na kaganapan ay sinaksihan din nina BFP Cavite Provincial Director Rene V. Bullos, Kawit Municipal Police Station Chief Joel Palmares, at SAO Jerry Jarin.

Hangad ng pamahalaang bayan ang kaligtasan ng mga Kawiteño sa banta ng sunog at iba pang kalamidad.

Nilalayan din nito ang pagpapalakas at pagpapaulad ng emergency services sa Kawit. **RS**

## Dedo sa pag-araro ng mga signage

**NAGLAGAY** na ng early warning device pero naging mitsa pa rin sa buhay ng isang motorcycle rider nang bumangga sa nakalagay na mga signage sa hinuhukay na kalsada kaya tumilapon ito sa Amadeo, Cavite

Isinugod pa sa Gentri Doctors Medical Center ang biktimgang si Macario Tornea, nasa wastong edad, ng Block 16 Lot 5 ACM Woodstock Homes Brgy Alapan 1, Imus City, pero idineklarang dead on arrival.

Sa ulat ni PSSgt Ivan Cris Bawalan Baysa, ng Amadeo Municipal Police Station, dakong alas-12:00 Miyerkules ng hatinggabi

naganap ang insidente. Sakay ang biktima motorsiklong Suzuki FW110 habang binabagtas ang kahabaan ng CM Delos Santos Ave sakop ng Brgy Banaybanay patungong north direction.

Nawalan ng kontrol kanyang manibela dahil sa nakalagay na early warning device sa gitna ng hinuhukay ng kalsada.

Dahil sa pangyayari, sinagasa nito ang mga signage at lumihis ang motorsiklo at tumilapon sa west portion ng kalsada.

Mabilis namang rumsponde ang mga miembro ng Amadeo Rescue Unit at isinugod pa sa ospital ang biktima. **GENE ADSUARA**

## 3 'tulak' lagpak sa P3.4-M shabu

**TINATAYANG** mahigit sa P3 milyon halaga ng hinihinalang shabu ang namsam at nagresulta sa pagkakaaresto sa tatlong umano'y tulak sa isinagawang buy bust operation sa Bacoor City, Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Delmer Solis, 36, electrician; Arlen Franco, 51, walang trabaho; at Kevin Villar, 29, buy and sell, pawang residente ng Brgy Mambog, Bacoor City.

Sa ulat ng pulisya, dakong alas-3:10 Martes ng hapon nang isagawa ang buy bust operation ng pinagsamang puwersa ng Philippine Drug Enforcement Agency

(PDEA) 4A; Regional Drug Enforcement Unit (RDEU) at Bacoor City Police Station (CPS) malapit sa Divi Mart, Brgy Mambog 4 kung saan target ang mga suspek.

Nakuha sa kanila ang tinatayang 500 gramo ng hinihinalang shabu o may street value na P3.4 milyon, mga cellphone; boodle money at isang kulay itim na KIA CD5 (hatchback) na may plakang PTL 775.

Kasong paglabag sa Sec. 5 at 26B Article II ng RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek. **GENE ADSUARA**

## DHSUD orders speedy issuance of 'licenses to sell'

**MANILA** – Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) Secretary Eduardo del Rosario on Tuesday said he issued anew a department order aimed at expediting the issuance of "licenses to sell" (LS).

"We are enforcing a new measure expected to minimize the adverse impact of the ongoing crisis to the housing sector," del Rosario said in a statement.

